



Minamahal na Mga Nagpapaupa at Nangungupahan sa Glendale,

Nais naming makipag-ugnayan sa hindi pangkaraniwang at mapaghamong panahong ito upang ipabatid sa inyo na kayo ay aming itinuturing na kaagapay sa pagsisikap na mapanatiling ligtas ang ating komunidad. Kinikilala namin na habang ang lahat ay apektado ng pandemya na ito, ang ilan ay mas matinding naapektuhan kaysa sa iba.

Layunin ng fact sheet na ito na magbigay ng mga bagay na makakatulong at mga rekurso sa mga nagpapaupa at nangungupahan habang hinaharap nila ang nagaganap na pagkawala ng kita at kawalan ng katiyakan sa panahong ito. Layunin naming magpanatili ng produktibo at maliwanag na komunikasyon sa bawat isa. Ang pamamaraang ito ay nagnanais na makapagbigay ng isang gabay para sa mga nagpapaupa at nangungupahan sa Lungsod tungkol sa mga kautusan sa pagpapaalis at sa pagpapaupa.

Bilang karagdagan sa mga rekurso na ito, ang programang COVID-19 Rent Relief ng Los Angeles County ay magsisimulang tumanggap ng mga aplikasyon sa Agosto 17 hanggang Agosto 31. Ang mga umuupa (nangungupahan na ang pangalan ay nakalista sa kasunduan ng pagpapaupa) ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1, o pagkumpleto at pagsumite ng online application form na makukuha sa webpage ng County (211la.org/lacounty/rentrelief). Para sa karagdagang impormasyon at para sa link sa application kapag mayroon, bisitahin ang Glendaleca.gov/rent.

Isang katotohanan bago pa ang pandemya, at lalo na ngayon, na kailangan ng mga nagpapaupa at nangungupahan ang bawat isa upang kapwa maging matagumpay. Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong, mangyaring humingi ng tulong. Kung kaya mong tumulong, ipaalam ito sa iyong mga kapitbahay. Tayo ay maging mabait at makalinga sa bawat isa, at suportahan ang iyong mga kapitbahay hangga't maaari habang nagsasanay pa rin tayo sa pagpapanatili ng agwat sa bawat isa at pagsusuot ng mga takip sa mukha.

Nauunawaan naming pangangailangang magpatuloy ang mga negosyo, ngunit kailangan din nating isaisip ang kakaibang kalagayan natin ngayon. Ang ating kakayahang magtulungan at maging magalang sa bawat isa ay kinakailangan upang mapanatili nating ligtas at malusog ang lahat.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa Glendale's Housing Division sa 818-548-3926 o rent@glendaleca.gov. Sama-sama tayong lahat sa panahong ito.

Nagpapasalamat,
Lungsod ng Glendale

FACT SHEET SA MORATORYUM SA RESIDENSIYAL NA PAGPAPAALIS

PAUNAWA SA MGA NAGPAPA-UPA AT UMUUPA: Ang Covid-19 Moratoryum sa Pagpapaalis ng Glendale ay nagpapatupad ng pagpapahinto sa residensiyal na pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa. Ang moratoryum ay ipinatupad noong ika-24 ng Marso 2020, at inaasahang matapos ang pagpapatupad sa ika-31 ng Agosto 2020, maliban kung pinalawig ng Konseho ng Lunsod. Bisitahin ang www.Glendaleca.gov/Rent para sa karagdagang impormasyon. Kung ikaw ay umuupa, ang ordinansa ay nagbibigay sa iyo ng pansamantalang proteksyon sa ebiksiyon dahil sa hindi pagbabayad ng upa kung maipapakita mo na ang iyong kita ay nabawasan dahil sa pandemyang COVID-19.

RESPONSIBILIDAD NG NAGPAPAUPA

Ang nagpapaupa ay hindi dapat magpaalis o sumingil ng multa mula sa umuupa dahil sa hindi pagbabayad ng upa kung ang umuupa ay nagbigay ng paunawang sulat at dokumentasyong patunay ng kawalan ng kakayahang magbayad ng upa dahil sa COVID-19.

1. Para sa produktibong komunikasyon, ang nagpapaupa ay dapat magbigay ng listahan ng mga resources at paunawa ng moratoryum sa umuupa na matatagpuan sa www.Glendaleca.gov/Rent.
2. Ang nagpapa-upa ay maaaring mangolekta ng upa mula sa mga umuupa na hindi nakaranas ng epekto sa pananalapi na nauugnay sa COVID-19.
3. Ang nagpapa-upa ay hindi maaaring mag-isyu ng pagtaas ng upa hanggang sa matapos ang kautusang pang-emerhensiya, kahit na ang pagtaas ay epektibo pagkatapos matapos ang kautusan.




RESPONSIBILIDAD NG UMUUPA

**Kung naapektuhan ka ng COVID-19, AGAD itong ipaalam sa nagpapaupa!
Kung hindi ka naapektuhan ng COVID-19, DAPAT mong bayaran ang iyong upa.**

Agad na ipaalam sa nagpapaupa ang kawalan ng kakayahang magbayad ng upa sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang Paunawa para sa Nonpayment of Rent na makikita sa www.Glendaleca.gov/Rent. Upang makumpleto ang paunawa:

1. Epektibo sa upang dapat bayaran sa ika-1 ng Agosto, ipaalam sa nagpapaupa ang dahilan kung paano ka naapektuhan ng COVID-19:

- Pagkatanggal sa trabaho
- Pagbawas sa oras ng trabaho
- Estado at lokal na aksyong pang-emerhensiya na nagbabawal sa pagpasok sa trabaho
- Pagtaas ng gastos, tulad ng pangmedikal
- Hindi makapagtrabaho dahil kailangang mag-alaga ng anak dahil sarado ang mga paaralan
- Hindi makapagtrabaho dahil nagkasakit ng COVID 19 o nag-aalaga ng kamag-anak na may COVID 19



2. Magbigay ng dokumentasyong patunay sa pagkawala ng kita dahil sa COVID-19:

- Sulat ng employer tungkol sa bawas sa oras o pagkatanggal sa trabaho dahil sa COVID 19
- Paycheck stubs bago at habang may COVID-19
- Singil medikal (dahil sa COVID-19)
- Pahayag ng Bangko na nagpapakita ng epekto sa pananalapi bago at habang may outbreak
- Gastos sa pag-aalaga ng bata
- Abiso sa Pagkatanggal sa Trabaho



Ang umuupa ay dapat magbayad ng anumang upang naantala sa loob ng 12 buwan pagkatapos mag-expire ng moratoryum. Kinakailangang magbayad ang umuupa ng hindi bababa sa 25% ng back rent na dapat bayaran sa katapusan ng bawat tatlong buwan sa loob ng labindalawang buwan na pagbabayad, maliban kung ang nagpapaupa at umuupa ay may pinagkasunduang ibang paraan ng pagbabayad. Kung ang umuupa ay aalis sa panahon ng pagbabayad ng inantalang bayarin, ang buong bayad ay kailangang ibigay agad.